

## Form ng Di-Pagpapahintulot ng Magulang

**Busload of Books Tour: Form ng Pahintulot sa Pakikibahagi ng Estudyante sa Survey**  
Pananaliksik na Isinasagawa ng mga Departamento ng Edukasyon at Sosyolohiya  
Kolehiyo ng Washington  
Chestertown, Maryland

**Pamagat ng Proyekto:** Pagsisiyasat sa Epekto ng Busload of Books Tour

**Mga Mananaliksik:** Mga Doktor na sina Sara Clarke-De Reza, Bridget Bunten, at Nick Garcia, at mga Propesor na sina Michelle Johnson, at Erin Counihan

### **Layunin:**

Ang layunin ng pag-aaral na ito ay upang mas maunawaan ang epekto ng pagbisita ng isang manunulat at pamimigay ng libro sa mga estudyante sa paaralang elementarya. Sa partikular, gusto naming malaman kung paano maaaring mabago ng pagkakakilala sa isang manunulat at ilustrador, at ng pagtanggap ng libreng libro, ang paraan ng pag-iisip o nararamdaman ng iyong estudyante tungkol sa pagbabasa, pagsusulat, at pagkamalikhain.

### **Pamamaraan:**

Kung ang iyong anak ay makikibahagi sa pananaliksik na survey tungkol sa programang ito, hihilingin sa kanila na gawin ang mga sumusunod:

- Sagutan ang isang walang pagkakakilanlan, 1-pahinang survey tungkol sa mga saloobin at mga paniniwala sa literasiya bago at pagkatapos ng pagpupulong; at
- Sagutan ang isang walang pagkakakilanlan, 1-pahinang survey tungkol sa mga saloobin at mga paniniwala sa literasiya makalipas ang isang buwan pagkatapos ng pagpupulong
- Sagutan ang isang walang pagkakakilanlan, 1-pahinang survey tungkol sa mga saloobin at mga paniniwala sa literasiya makalipas ang isang buwan pagkatapos ng pagpupulong

Ang kabuuang oras na kailangan upang matapos ang bawat survey ay hindi lalampas sa 5 minuto. Ang iyong anak ay maaaring hindi makibahagi sa survey. Kung nanaisin nilang hindi makibahagi, sila ay bibigyan ng isang alternatibong gawaing walang kinalaman sa pananaliksik para tapusin.

### **Mga Panganib/Benepisyo sa Pakikibahagi:**

Ang mga panganib ng pakikibahagi sa pag-aaral na ito ay napakababa. Ang iyong anak ay maaaring mabagot sa pagsagot sa mga item ng survey. Maaaring makabilang sa mga benepisyo ng pakikibahagi ng iyong estudyante ang pagkakaroon ng pagkakataong makapagmuni-muni tungkol sa kanilang mga karanasang may kinalaman sa literasiya.

## Form ng Di-Pagpapahintulot ng Magulang

### **Boluntaryong Kalikasan ng Pag-aaral:**

Gaya ng nabanggit sa itaas, ang pakikibahagi ng iyong anak sa pag-aaral na ito ay ganap na boluntaryo. Maaari pa rin silang makibahagi sa pagpupulong at mga kaganapan ng manunulat kahit na hindi sila makibahagi sa nauugnay na pananaliksik. Maaari silang umalis o tumigil sa pakikibahagi sa pananaliksik anumang oras, o laktawan ang anumang tanong na hindi nila nais sagutan. Ang kanilang pangalan ay hindi iuugnay sa mga resulta o sa mga tugon sa mga talatanungan. Hindi kailanman isasama sa anumang uri ng ulat ang impormasyon na magpapangyari na makilala ang iyong anak o sinuman sa iba pang kasali. Ang mga datos ay maa-access lamang ng mga nagtatrabaho sa proyekto.

### **Mga Kontak at Katanungan:**

Bago pirmahan ang form na ito, maaari kang magtanong ng anumang may kinalaman sa pag-aaral na ito sa guro ng iyong anak, sa tagapangasiwa ng paaralan, o sa mga mananaliksik ng proyekto. Ang pinuno ng proyektong ito na si Dr. Clarke-De Reza ay maaaring maabot sa pamamagitan ng pag-email sa [sclarkedereza2@washcoll.edu](mailto:sclarkedereza2@washcoll.edu).

**Kung pinahihintulutan mong makibahagi ang iyong anak – mangyaring huwag ibalik ang form na ito. Walang kinakailangang gawin.**

**Kung hindi mo pinahihintulutan ang iyong anak na makibahagi sa pag-aaral na ito, mangyaring gawin ang isa sa mga sumusunod bago ang araw ng pagpupulong:**

1. Pirmahan at ibalik ang form na ito sa guro ng iyong anak o sa punong-guro ng paaralan; o
2. I-email ang guro ng iyong anak o ang punong-guro ng paaralan nang may paksang “Opt Out” at ang iyong pangalan at pangalan ng iyong anak sa mensahe.

**Hindi ko pinahihintulutan** ang aking anak na makibahagi sa survey na inilarawan sa itaas.

Pangalan ng Estudyante (malalaking letra): \_\_\_\_\_

Pangalan ng Magulang/Tagapag-alaga (malalaking letra): \_\_\_\_\_

Pirma ng Magulang/Tagapag-alaga: \_\_\_\_\_

Petsa: \_\_\_\_\_